Campground, RV Parks and Cabin Rental Units FAQs	**Mga FAQ Tungkol sa Campground, Mga RV Park at Rental ng Cabin**
Can I go camping?	**Maaari ba akong mag-camping?**
Yes, campgrounds, campsites and RV parks are reopening. Each site should be occupied by members of the same household.	Oo, magbubukas na ulit ang mga campground, campsite at RV park. Dapat ay mga miyembro ng iisang sambahayan ang nasa bawat site.
Can I go camping with my friends?	**Maaari ba akong mag-camping kasama ang mga kaibigan ko?**
Members of the same household should camp together. People who are not from the same household must maintain physical distance of at least six feet and everyone should wear face coverings.	Ang mga miyembro ng iisang sambahayan ang dapat na mag-camp nang magkakasama. Ang mga taong hindi kabilang sa iisang sambahayan ay dapat magpanatili ng pisikal na distansyang hindi bababa sa anim na talampakan at dapat magsuot ng face mask ang lahat.
What kind of activities are allowed?	**Anong klase ng mga aktibidad ang pinapayagan?**
Outdoor recreation is allowed, but close-contact activities are limited to members of the same household. Examples of these activities include boating, volleyball games and rope courses.	Pinapayagan ang paglilibang sa labas, pero nililimitahan ang mga close-contact na aktibidad sa mga miyembro ng iisang sambahayan. Kasama sa mga halimbawa ng mga aktibidad na ito ang pamamangka, mga paglalaro ng volleyball at rope course.
Can I rent equipment for activities?	**Maaari ba akong magrenta ng kagamitan para sa mga aktibidad?**
Rentals are allowed, but facilities may limit their rental program. It is recommended that you come prepared with everything you may need, including sporting equipment, when possible. If rentals are available, they must be cleaned and disinfected between each person’s use.	Pinapayagan ang mga pagrenta, pero maaaring limitahan ng mga pasilidad ang kanilang programa sa pagpaparenta. Hangga’t maaari, inirerekomendang dalhin mo na ang lahat bagay na maaari mong kailanganin, kabilang ang sporting equipment. Kung may available na mga pinaparentahan, dapat linisin at i-disinfect ang mga ito sa pagitan ng bawat paggamit ng tao.
Are playgrounds, conference spaces, or meeting rooms at campgrounds open?	**Bukas ba ang mga playground, lugar ng kumperensya, o kwarto para sa meeting sa mga campground?**
No, these facilities are closed, at this time.	Hindi, sarado ang mga pasilidad na ito sa ngayon.

Are group activities on campgrounds allowed?	**Pinapayagan ba ang mga panggrupong aktibidad sa mga campground?**
No, public events or concentrated gatherings at campgrounds or RV parks, including group bonfires, group campsites, presentations at outdoor amphitheaters, musical or other performances, or other events must be cancelled or postponed. Most organized activities and sports such as basketball, baseball, soccer, and football that are held on park fields, open areas, and courts are not permitted, because they require coaches and athletes who are not from the same household or living unit to be in close proximity. Members of the same household may engage in such activities and sports together.	Hindi, dapat kanselahin o ipagpaliban ang mga pampublikong event o may-pinagtutuunang pagtitipon sa mga campground o RV park, kabilang ang mga panggrupong bonfire, panggrupong campsite, palabas sa mga outdoor na amphitheater, musical o iba pang pagtatanghal, o iba pang event. Hindi pinahihintulutan ang karamihan sa mga inoorganisang aktibidad at sports gaya ng basketball, baseball, soccer, at football na ginagawa sa mga field ng parke, open area, at court, dahil kinakailangan sa mga ito ang malapitang pakikisalamuha sa mga coach at atletang galing sa ibang sambahayan o tumutuloy sa ibang unit. Pinapayagang magkasama sa mga naturang aktibidad at sports ang mga miyembro ng iisang sambahayan.
Will I be able to picnic while visiting campgrounds?	**Maaari ba akong mag-picnic habang nasa mga campground?**
Picnicking at smaller picnic shelters, such as those that typically accommodate only household groups, will be open and available to the public. Use should be limited to one household at a time.	Bubuksan at gagawing available sa publiko ang pagpi-picnic sa mga mas maliit na picnic shelter, gaya ng mga lugar na karaniwang puwede lang sa mga grupo ng sambahayan. Dapat limitahan ang paggamit sa isang sambahayan sa bawat pagkakataon.
Are communal shower facilities open?	**Bukas ba ang mga pangkalahatang pasilidad ng shower?**
Yes, but if you have a vehicle with toilets or showers/bathing equipment, you are encouraged to use your own rather than shared facilities. Shower rooms may only be used if partitions are in place or signs have been posted to specify physical distancing requirements.	Oo, pero kung may sasakyan ka na may mga toilet o shower/kagamitan sa pagligo, hinihikayat kang gamitin ang iyong sariling kagamitan kaysa sa mga pangkalahatang pasilidad. Maaari lang gamitin ang mga kwarto para sa shower kung may mga dingding sa pagitan nito o may mga nakapaskil na karatulang nagsasaad ng mga kinakailangang pisikal na pagdistansya.

Will public restrooms located in campgrounds be cleaned regularly?	**Regular bang lilinisin ang mga pampublikong restroom na nasa mga campground?**
Public restrooms should be cleaned and disinfected regularly using EPA registered disinfectants throughout the day. High-touch surfaces such as faucets, toilets, doorknobs and light switches must be frequently cleaned and disinfected. Campers should keep in mind that sinks could be an infection source and should avoid placing toothbrushes and other items directly on counter surfaces.	Dapat ay regular na linisin at i-disinfect sa loob ng isang araw ang mga pampublikong restroom gamit ang mga disinfectant na nakarehistro sa EPA. Dapat linisin at i-disinfect nang madalas ang mga surface na palaging hinahawakan gaya ng mga gripo, toilet, doorknob at switch ng ilaw. Dapat tandaan ng mga camper na maaaring pagmulan ng impeksyon ang mga lababo at dapat nilang iwasan ang paglalagay ng mga sepilyo at iba pang gamit nang direkta sa mga surface ng counter.
###	###